

MGA BABALA

IILAN SA MGA SENYALES NG PAGKAKALAKAL NG TAO AY:

- Mas bata sa 18 taong gulang at pinagbebenta ang katawan
- May mga sintomas ng pang-aabuso, pagkukulong o pananakit
- Kumikilos na tila ayon sa utos ng iba; tila kontrolado ang mga paggalaw
- Ang kanyang mga pera at dokumento ay hawak ng pinamamasukan o amo
- May utang na malaki o palaki nang palaki
- Labis na pagbabantay sa lugar na tinutuluyan o pinagtatrabahuan
- Dumedepende sa amo para sa maraming bagay, tulad ng transportasyon at tirahan
- Hindi malayang umalis o gumalaw ayon sa sariling kagustuhan
- Takot magsalita, ninenerbiyos, o aburido, lalo na sa mga alagad ng batas
- Nagtatrabaho nang sobrang labis na oras
- Hindi alam, o hindi masabi, kung saan siya nakatira
- Bagamat may trabaho, mukha pa ring kulang sa pagkain, wastong pananamit, o laging may kapansanan
- Hindi sinusuwelduhan, o napakaliit ng sweldo, o sumusuweldo lamang sa pamamagitan ng "tips"



metropolitan
family services
LEGAL AID SOCIETY

HUMAN TRAFFICKING INITIATIVE

Ang Human Trafficking Initiative, isang proyekto ng Legal Aid Society, Metropolitan Family Services, ay nangunguna sa paglaban sa pagkakalakal ng tao sa Chicago mula pa noong 2012.

Ang proyekto ay naghahandog ng libre at kumpletong serbisyong legal sa mga biktima ng pagkakalakal ng tao ukol sa mga isyung legal na dulot ng kanilang naranasang pang-aabuso.

Sa pamamagitan ng tulong ng gawad-federal, nakapagbibigay ang Human Trafficking Initiative ng mga pagsasanay laban sa pagkakalakal ng tao, at iba pang tulong na teknikal sa mga propesyonal, upang mahasa sila sa pagkilala ng at pagtulong sa mga biktima ng pagkakalakal ng tao.

LIBRE • LIGTAS • SIGURADO

Bisitahin ang www.metrofamily.org
o mag-email sa trafficking@metrofamily.org

INTAKE LINE 312-986-4200



metropolitan
family services
LEGAL AID SOCIETY

HUMAN TRAFFICKING INITIATIVE

TUMULONG AT PIGILAN ANG

PAGKAKALAKAL NG TAO

SA ATING MGA KOMUNIDAD

KUNG MAY KILALA KA NA MAARING BIKTIMA NG PAGKAKALAKAL NG TAO, TAWAGAN ANG NHTRC:

1-888-3737-888

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang traffickingresourcecenter.org

ANG PAGKAKALAKAL NG TAO AY MAKABAGONG URI NG PANG-AALILA

ANO ANG PAGKAKALAKAL NG TAO?

Gumagamit ang mga nang-aabuso ng pandahas, panloloko o pamimilit upang mapagawa sa kanilang mga biktima ang anumang trabaho o mga gawaing sekswal.

DAHAS pananakit, pagkukulong, paggagaha, o pag-kumpiska ng mga dokumento

PANLOLOKO pandaraya ukol sa alok na trabaho, kondisyon ng trabaho, o mas maginhawang buhay.

PAMIMILIT pagbabanta, panlulubog sa utang, abusong sikolohikal, o pananamantala sa estado sa buhay (gaya ng kawalan ng tirahan, pagkalulong sa droga/alak, o estado pang-imigrasyon). Kung ang biktima ay wala pang 18 taong gulang, at nagsasagawa ng komersyal na aktong sekswal, ito ay krimen kahit walang dahas, panloloko o pamimilit.

Maaaring maganap ang pagkakalalakal ng tao kahit saan, maging sa mga lugar na hindi inaasahan:

- Hotel
- Motel
- Truck stop
- Convention
- Strip club
- Karnabal
- Mga lugar ng inuman
- Sa kalye
- Maliliit na negosyo
- Gupitan ng buhok o kuko
- Masahihan
- Kaganapang palaro
- Bahay prostitusyon
- Sa internet
- Pabrik
- Trabahong pambahay, tulad ng tagapang-alaga ng bata o tagalinis ng bahay
- Hospitality industry tulad ng resort, theme park, atbp.
- Mga bukirin at agrikultura
- Restaurant at mga kainan o catering
- Panlilimos
- Escort o G.R.O.

SINO ANG MAARING MAGING BIKTIMA NG PAGKAKALAKAL NG TAO?

Kahit sino ay maaring maging biktima. Wala itong kinalaman sa edad, kasarian o nasyunalidad.

Ang biktima ay maaring ikalalakal ng taong hindi niya kilala, o kanyang kaibigan o kakilala, maging ng kanyang amo, kamag-anak, kapatid o magulang.

Maaaring makatanggap ang mga biktima ng ilang benepisyo o serbisyo, at iba pang tulong tulad ng:

- pabahay
- serbisyong medikal
- tulong sa imigrasyon
- pagkain
- pangangailangang legal
- pangangailangang pinansyal
- paghahanap ng trabaho

KUNG MAY KILALA KA NA MAARING BIKTIMA NG PAGKAKALAKAL NG TAO, TUMAWAG SA 1-888-3737-888

LIBRE • LIGTAS • SIGURADO

Ang Human Trafficking Initiative ay naghahandog ng libre at buong serbisyong legal sa mga biktima ng pagkakalalakal ng tao, sa mga isyung legal na dulot ng kanilang pang-abuso. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.metrofamily.org o mag-email sa trafficking@metrofamily.org.

INTAKE LINE 312-986-4200

MAARI KANG MAKATULONG

KUNG PINAGHIHINALAAN MO NA MAY KILALA KANG BIKTIMA NG PAGKAKALAKAL NG TAO:

- Kung ikaw, o may kilala ka, na nalalapit sa o kasalukuyang nasa mapanganib na sitwasyon, tumawag sa 911.
- Maraming biktima ay hindi nakakapag-Ingles, o hindi alam ang kulturang Amerikano. Humingi ng tulong sa ibang tao na nakakaintindi ng lengwahe at kultura ng biktima. Siguraduhing hindi konektado ang hinihingan mo ng tulong, sa sitwasyong pagkakalalakal ng tao ng biktimang tinutulongan mo.
- Tumawag sa National Human Trafficking Resource Center Hotline, 1-888-373-7888. Pwede ring mag-iwan ng tip sa traffickingresourcecenter.org.
- Ang Hotline ay bukas 24 oras, 7 araw bawat linggo, 365 araw bawat taon. Ang mga tawag ay nalilihim, itinatago ang pangalan ng mga tumatawag, at may mga nakapagsasalin sa ibang lengwahe kung kinakailangan.

Ang mga materyales na ito ay naisagawa salamat sa Grant Number 90ZV0108-01, mula sa Office of Refugee Resettlement, U.S. Department of Health and Human Services. Ang nilalaman nito ay responsibilidad ng sumulat, at hindi kinakatawan sa opisyal na opinyon ng Office of Refugee Resettlement.